

OPISYAL NA PAHAYAG

Enero 26, 2021

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nag-isyu ang Lungsod ng Long Beach ng Binagong Utos na Masligtas sa Tahanan

Long Beach, CA - Ang Kagawarang ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach ay nag-isyu ng binagong [Utos sa Kalusugan](#), na epektibo ngayon, na nagpapahintulot ng karagdagang pagbubukas ng ilang mga industriya at serbisyo, na alinsunod sa pag-alis ng Gobernador ng California na si Gavin Newsom ng Pangrehiyong Utos na Manatili sa Bahay.

"Kami ay hinihimok ng data ng kalusugan at pagbaba ng mga pagpapa-ospital, ngunit lahat tayo ay kailangang manatiling maingat at tandaan na ang COVID-19 ay seryoso pa rin," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Masidhi kong hinihikayat ang lahat na maging ligtas hangga't maaari sa paglabas natin upang suportahan ang aming muling binuksan na mga negosyo."

Ang Pangrehiyonal na Utos na Masligtas sa Tahanan ay tinanggal sapagkat inaasahang ang Timog California ay magkakaroon ng higit sa 15% na kapasidad ng ICU sa ospital sa susunod na apat na linggo. Pinapayagan nitong bumalik ang mga county sa [color-coded na antas na sistema](#) na nagbibigay-daan sa muling pagbubukas batay sa mga numero ng kaso bawat 100,000 populasyon at ang rate ng pagiging positibo sa mga taong kumuha ng mga pagsusuri sa COVID-19. Ang Long Beach ay muling nakahanay sa lila na antas ng Blueprint ng Estado para sa isang Mas Ligtas na Ekonomiya, o pinaka-mahigpit na antas, na napapailalim sa ilang mga paghihigpit upang matulungan ang limitasyon sa karagdagang pagkalat ng COVID-19.

Mga halimbawa ng mga pangunahing sektor na pahihintulutan ngayon sa ilalim ng lila na antas sa Long Beach, napapailalim sa mga pagbabago kasama ang pisikal na pagdistansya at nangangailangan ng mga pantakip sa mukha, kinabibilangan ng:

- Panlabas na “in-person” na kainan, napapasailalim sa maraming mga paghihigpit na pumipigil sa sobrang dami ng tao, upang gumawa ng naaangkop na distansya at nangangailangan ng pagsuot ng panakip ng mukha. Ang mga kinakailangan para sa in-person na kainan nang ay kinabibilangan ng mga paghihiwalay ng mga mesa na walong talampakan ang layo upang mapanatili ang pare-parehong paghihiwalay ng anim na talampakan sa pagitan ng mga mesa; kinakailangan ang pagsuot ng panakip ng mukha sa lahat ng oras maliban kung nakaupo sa mesa kapag kumakain o umiinom; at masidhing hinihikayat ang kainan lamang kasama ang mga miyembro ng isang sambahayan ng upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19.
- Mga panloob na serbisyo sa personal na pangangalaga kabilang ang mga hair salon at mga barbero; mga salon ng kuko at tanning salon; Mga serbisyo sa esthetician, pangangalaga sa balat at kosmetolohiya; electrology; mga propesyonal sa body art, mga tattoo parlor, microblading at permanenteng make-up; piercing shop; at pagmamasaha. Ang mga limitasyon sa kapasidad ay batay sa kakayahang mapanatili ang anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga customer.
- Mga hotel, motel, panuluyan, mga ibinahaging yunit ng pag-upa at iba pang parehong pasilidad para sa lahat ng mga tipo ng paglalakbay, kabilang ang turismo at indibidwal na paglalakbay.
- Mga limitadong serbisyo [na itinukoy ng Estado](#).
- Mga panlabas na operasyon ng mga museo, zoo, at aquarium.
- Ang mga pagtitipon ay limitado sa hindi hihigit sa 15 tao mula sa hindi hihigit sa tatlong sambahayan, kung saan ang mga pagtitipon ay pinahihintulutan sa labas lamang.
- Standalone grocery establishments are limited to 50% of maximum capacity.
- Mga isports na panlibangan para sa mga kabataan at matatanda, napapailalim sa mga patnubay ng Estado.
- Ang mga negosyong tingian ay limitado sa 25% ng maximum na kapasidad.

Ang mga lugar ng pagsamba ay maaaring magpatuloy na magpatakbo sa labas. Ang mga gym ay maaaring magpatuloy sa mga panlabas na operasyon, at ang panloob na

tingian ay magpapatuloy, napapailalim sa mga limitasyon sa kapasidad. Ang 10 p.m. to 5 a.m. na [curfew na ipinatupad noong Nobyembre 21](#) ay inalis na. Ang mga buong detalye, at mga kinakailangan para sa bawat sektor ng negosyo, ay nasa binagong Utos sa Kalusugan at kailangang konsultahin bago maipagpatuloy ang mga operasyon ng mga nabanggit na sektor.

Patuloy na nakakabahala ang mga bilang ng lokal na pagpapa-ospital. Gayunpaman, sa nagdaang dalawang linggo, bumaba ang mga pagpapa-ospital sa Long Beach ng 578 hanggang 433 at ang kapasidad ng unadjusted intensive care unit (ICU) ay tumaas kamakailan mula sa 9% hanggang 11% ng mga magagamit na kama ng ICU. Habang bumababa ang mga bagong kaso, ang pagbawas sa pag-oospital at dahan-dahang pagtaas ng kapasidad ng ICU ay nagbibigay-daan para sa limitadong pagbubukas ng ilang mga sektor, kritikal na tandaan na ang Long Beach ay patuloy na nakakakita ng daan-daang mga bagong kaso bawat araw at dose-dosenang pagkakamatay bawat linggo.

Ang bilang ng mga kaso sa COVID-19 na inulat ng Long Beach ay nasa 46,833 na ngayon, isang pagtaas ng 356 na mga kaso mula Lunes. Ang aming pang-araw-araw na average na bilang ng mga naiulat na kaso ay umabot sa pinakamataas noong Enero 9 na may 747 kaso bawat araw. Mula noon, ang bilang ng mga kaso ay bumaba sa pang-araw-araw na average na 320.

Ang binagong Utos sa Kalusugan ay ipinatupad ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod, na si Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya. Ito ay epektibo mula 12:01 a.m. sa Martes, Enero 26, hanggang sa mapalawak, alisin o baguhin sa pamamagitan ng pagsulat ng Opisyal ng Kalusugan.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###